
# SINAUNANG PILA

## Mula Pailah sa Pinagbayanan (900 – hk. 1375) hanggang Pagalangan (hk. 1375 – 1811)

Dr. Luciano P. R. Santiago
Pila Historical Society Foundation, Inc.

Limitadong Pagbabasa

### Ang Halina ng Batong Buhay, Luwad at Ginto

Sa *baybayin*, ang lumang alpabeto ng mga Tagalog, ang  ay tumutukoy sa Pila, na ang ibig sabihin ay "bato" o "lupa." Kung kaya, ang *pila-pila* o *pilapil* kung paiikliin, ay pinagsamang lupa at mga bato, na bumabakod sa mga palayang hanggang ngayo'y nagpapasigla ng tanawin sa Pilipinas. Iginigiit ng lingguwistang-pastor ng Pila na si Fray Pedro de San Buenaventura, OFM (1611-16) na nagmula ang pangalan ng bayan sa batong buhay (*piedra blanda*) na nagsisilbing pinakasahig ng buong bayan nang dumating ang mga Espanyol. Kinahiligang gamitin ito ng mga mananakop sa pagtatayo ng mga unang gusali ng Intramuros. Samakatuwid, Pila ang nagsilbing unang muhon ng Intramuros. Nangangahulugan din ang Pila ng "putik" o "luwad." Ginagamit ito sa paggawa ng palayok noong araw, at nang dumating ang mga Espanyol, sa

paggawa ng mga tisa o ladrilyo. Sa panahon pa lang ng Bakal, sa pagpihit ng ikalawang milenyo mula kay Kristo, o mas maaga pa rito, ang mga pinalamutiang palayok na yari sa luwad ay ginawa sa mga lokal na hurnuhan. Natuklasan ang kapalayukang Pila mula 1967 hanggang 1968 ng mga arkeologo ng Pinagbayanan, na ang ibig sabihin ay "lugar na dating kinaroroonan ng bayan" (San Buenaventura, 1613, pah. 482, 574, 686; San Antonio, hk. 1624, pah. 208; Chirino, sa: *B&R,* Tomo 12, pah. 242-244; Tenazas, 1986). Ang mga bato at lupa ay nagsisilbing mga akmang simbolo ng salaysay ng Pila. Biniyayaan ng yaman ng kalikasan, taglay ang matabang lupa, kadalasang binabagtas ng mga Pileño ang baku-bako, maputik na daang nilikha ng kasungitan ng panahon, gayundin ng tao sa pagdaan ng mga dantaon.

## Pailah: Isang Ginintuang Panahon
## (900 MK. hanggang hk. 1375)

Limitadong Pagbabasa

Ang Pila, kasama ng Baé at Lumbang – na umaagapay dito sa baybayin ng malaking lawang tinatawag na Baé – ay isa sa tatlong pinakamatanda at pinakamalaking sentro ng populasyon at kalakalan sa panahong pre-Hispaniko sa Pilipinas. Ang dalawa pa ay ang mga rehiyon sa paligid ng mga Lawa ng Taal at ng Butúan sa Mindanao (Solheim, 2002, pah. 198). Batay sa mga kahanga-hangang tuklas, nasabi ng mga arkeologong ang Pila ang "isa sa mga pinakamahalagang sentro ng kalakalan, gayundin ng kultura noong maagang bahagi ng ikalawang milenyo" (Tenazas, 1968, pah. 12; Tenazas, 1973).

Natagpuan ang pinakamatandang nakasulat na tala sa kasaysayan ng Pilipinas, isang sulatang tansong may petsang 822 taon ng Saka (900 MK.), sa karatig bayan ng Lumbang, Laguna. Isinulat sa Maagang Kawi Script, binabanggit dito ng dalawang beses ang bayan ng "Pailah," gayundin ang "Puliran" na malamang ay tumutukoy sa Pila at Pulilan. Sa katunayan, ang

kasulatan ay naka-pokus sa Pailah at ang datu nito na si Jayadewa (Maharlikang Nagwagi) [Postma, 1991; Tiongson, 2006, 2008 & 2010]. Ang Pailah ay binabaybay dito na [ ]. Ang Pulilan naman ay ang lumang katawagang Tagalog para sa "lawa" ("*laguna*" sa Espanyol), na noo'y nangangahulugang malaking bahagi ng tubig kung saan nakahimlay ang Pila, kasama ng Baé at Lumbang. Ang silangang bahagi ng lawa ay pinangalanang *Silangan* kung saan sumisikat ang araw sa Longos (ngayo'y Kalayaan), Paeté, Pangil at Guiling-guiling (ngayo'y Siniloan) [San Buenaventura, 1613; San Antonio, hk. 1624].

Ang dokumentong pinanday sa metal ay malinaw na nagsasaad ng isang kompederasyon ng mga lakán sa gitna at timog Luzón na pinamumunuan ng Tundún (Tondo) noong simula ng ika-sampung siglo. Ang pinuno ng Pailah, si Jayadewa ang kumakatawan sa "Datu at Kumander ng Tundun." Ang Pailah ang tinutukoy na "luklukan ng kapangyarihan" (*ganasakti*). Si Jayadewa ang nangasiwa sa malawakang kasong kinasasangkutan ng pagpapawalang bisa sa utang na ginto ni

Limitadong Pagbabasa




**Larawan 1**
Bulkang Taal na napapaligiran ng lawa, 1929 [Mula sa US National Archives]

Dayang Akitan. Sa kabilang dako naman, sumang-ayon si Akitan sa pag-iisang didib ni Jayadewa sa kanyang anak na babae na si Namwaran.

Binanggit din ng kasulatan sa Lumbang ang Pulilan bilang isang baranggay at hindi ang lawa mismo. Marahil ay tinutukoy nito ang kasalukuyang baryo ng Bulilan na katabi ng Pailah sa Pinagbayanan na sumanib sa huli bago pa dumating ang mga Espanyol (Barreto-Tesauro, 2010b).[1] Naniniwala ang ibang mga iskolar na ang kasulatang binatbat sa tanso ay tumutukoy sa halip sa mga baranggay sa probinsya ng Bulacán at hindi sa Laguna. Gayunpaman, ang mga lugar na binabanggit sa Bulacán ay hindi naman singhalaga ng mga nasa Laguna sa larangan ng pre-historya at arkeolohiya (Postma, 1991).

Ang buong lawa na sumasakop sa pinagsamang Pulilan at Silangan ay nakilalang *Dagatan ng Baé* na isasalin ng mga Espanyol bilang Laguna de Bay. Ito ang pinakamalaking tubig tabang (9,000 hektarya) hindi lamang sa buong Pilipinas kundi

Limitadong Pagbabasa



**Larawan 2**
Dalawang malaking bangka (20-30 katao ang laman bawat isa) na kuha sa dagat sa may dako ng Bay-Pila. Ang bundok sa likod ay Bundok Makiling at ang lupa sa kanan ay Calamba.
Kuha noong panahon ng Kolonyalismong Amerikano.
[Mula sa University of Michigan Age of Imperialism Photo Archives]


[1] Ang Pinagbayanan at Bulilan ay hindi na kasama sa mga listahan ng mga enkomyenda noong 1571 at 1575. Ang malawak na bahagi nitong dalawang baryong ito ay minana ng mga Rivera, na marahil ay kaapuhan ng mga lakan ng Pila, "sa pamamagitan ng mga kanunununuang lalaki simula pa man noong una," ayon sa mga huling kalooban ng kanilang mga ninuno, 1792-1856.

maging sa Asya. Ang baé ay nangangahulugang "dakilang binibini" o "lola" na nagpapahiwatig ng mataas na katayuan ng pre-Hispanikong kababaihan. Halimbawa, maaari silang maging pinuno kung walang lalaking tagapagmana ng liderato. Nakapagmamana rin siya nang pantay sa kanyang mga kapatid na lalaki. Anupa't pinatutunayan ng isang alamat na ang Baé ay pinamunuan ni Gat Pangil na nagkaroon ng tatlong anak na babae na siyang humalili sa kanya sapagkat wala siyang anak na lalaki. Isang muog din ang Baé ng mga *catolonan* o babaeng pari. Ipinapalagay na ang Baé ang tinutukoy na Dewata na may datung nagpahiram ng gintong pinag-uusapan sa dokumentong binatbat sa tanso. Sa Sanskrit, "diyos" ang ibig sabihin ng Dewata subalit sa Lumang Tagalog ay maaaring nagbago o nagbabago na ang kahulugan nito ng mga panahong iyon sa "diyosa" o "kaibig-ibig na reyna" o "musa" na siyang kasalukuyang saklaw ng mga kaugnay nitong kahulugan (J. de Rivera, 1792; F. de Rivera, 1810; Postma, 1991; Wikipedia, 2010; ASAV, 1686; Panganiban, 1972).

Limitadong Pagbabasa

Malaking pagkakaiba sa sistemang maka-babae sa Baé ang mga maka-lalaki namang bayan ng Pailah sa Pinagbayanan (lalo na sa Linggá na ang ibig sabihin ay ari ng lalaki) at Lumbang kung saan may kultong páliko ("*phallic cult*"). Ang mga pálikong ritwal sa Longos (ngayo'y Kalayaan na dating bahagi ng Lumbang) ay ginagawa pa rin hanggang sa kasalukuyan bagamat sa mahumpay na paraan dahil sa mahigpit na patakaran ng Simbahang Katoliko (Tenazas, 1968; Barreto-Tesoro, 2010a).

Ang *dila* o *longos* ng Baé ang likas na palatandaan ng kalagitnaan ng malukong na katimugang pampang ng lawa. Kung pagsasamahin, ang dulong timog ng Isla ng Talim at ang tangway ng Morong, kapwa bahagi ng sinaunang Pila, ay tumuturo din dito. Ang ngalan ng Baé ay hindi lamang galing sa kahanga-hangang lawa kundi maging sa buong rehiyong nakilala sa mga ulat ng mga Tsino bilang "Ma'I" noong 971 MK. o pitong dekada pagkatapos ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna. Ito ang kauna-unahang pook sa Pilipinas




**Larawan 3**
Mainit, Los Baños. Mula sa MRR 350 Collection ng US National Archives. Ang nasa kaliwa ay ang Simbahan ng Los Baños at ang puting gusali sa kanan ay ang orihinal na U.P. Los Banos.

na nabanggit sa isang tala ng mga dayuhan. Isang magandang bahagi ng likas na atraksyon ng Baé sa mga dayuhang mangangalakal ay ang mga bukal nitong nagsisilbing termal na paliguan gaya ng Mainit ("maligamgam na tubig," ngayo'y Los Baños). Nakakapahinga at nakakapagpaginhawa sila rito habang hinihintay ang kanilang mga katutubong parokyano na ibalik o bayaran ang kanilang mga kalakal "na tumatagal ng walo hanggang siyam na buwan." "Subalit wala ni isa mang nawawala." Bagaman ang nasasakupan ng Pila ay higit na malaki at nagsasarili sa Baé, bahagi pa rin ito ng lugar na nagtataglay ng pangalan ng huli at nanghahalina sa masisigasig na Tsinong mangangalakal sa simula ng ikalawang milenyo (J. de Rivera, 1792; F. de Rivera, 1810; Postma, 1991; Panganiban, 1972; Chen, 1968, pah. 4; Juán, 2005).

Limitadong Pagbabasa

May sapat na dami ng mamahaling porselana (marami sa mga ito ay hindi pa natutuklasan sa koleksyon ng mga kanluranin) ang nahukay sa Pila. Kasama rito ang mga eleganteng pigurin at kagamitan ng mga iskolar gaya ng maliit na pitsel o sisidlan ng tubig, hugasan ng brotsa at mga gamit-panulat sa sining ng kaligrapiya. Bukod sa mga bagay na páliko ("*phallic objects*"), ang mga kalansay ng kabayo – ang pinakamaagang nahukay sa Pilipinas – ay natagpuan din na nagpapahiwatig ng imahen ng mga maginoong nangangabayo. Nagmahinahon ang mga sinaunang Pileño sa kanilang hilig sa kalakalan sa pamamagitan ng sining at mga halagahing ispiritwal.

Nakapagtipon sila ng mga likhang-sining noong panahon ng mga Dinastiya ng Hilagang Sung (960-1127 MK.), ng Timog Sung (1127-1280 MK.) at ng Yuan (1280-1368 MK.), nang hindi napapabayaan ang paggawa at pagpapahusay ng palayok ng Pila na nakabase sa luwad na matatagpuan sa lugar. Upang makasiguro, ang pinakaunang porselanang Tsino ay kapanabayan ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna. Kasama ng mga gintong butil at palamuti, ipinagbubunyi ng mga Pileño ang kanilang mga mahal sa buhay sa pamamagitan ng mga obra-maestrang ito na pinapalamutian ng ginto bilang *pabaon* sa kanilang paglalakbay sa mas mainam na buhay. Para naman sa sekondaryang paglilibing, matatagpuan din sa Pila ang kaisa-isang pre-Hispanikong krematoryo sa kapuluan na ginawa sa batong buhay (Tenazas, 1968, pah. 12, 15-20; PHSF, 2003; Ongpín Valdés, 2003).

Bilang isa sa mga pinakamalaking sinaunang bayan sa Luzon, pinamumunuan ang Pila ng lokal na datu na isa ring rehiyonal na datu. Inaawit ng mga kuwentista ng mga bayan sa baybayin ng Tangway ng Morong hanggang sa lawa mula sa Pila ang salaysay ng pakikipagsapalaran ni Gat Salian Maginto, ang "mayaman-sa-gintong" datu ng Pila na nagpalawak ng kaharian sa iba't ibang dako ng kanilang mga pamayanan. Sa katunayan, ang mas malaking teritoryo ay tinatawag ding Pila. Dahil ayaw ng mga mananakop na maipon ang kapangyarihan sa isang maharlikang Indio, binuwag nila nang malaunan ang nasasakupan nito at upang maiwasan ang kalituhan, binago nila ang pangalan ng mga sakop ng Pila at ginawang Pililla, na nangangahulugang "maliit na Pila." Sakop ng dating teritoryo ng Pila ang mga kasalukuyang bayan ng Morong (kung saan humiwalay ang bayan ng Pililla o Pilang Morong noong 1583); ang Baras (na humiwalay sa Morong noong 1588); ang Tanay (na humiwalay sa Pililla noong 1606); ang Jala-jala na ang lumang pangalan ay Pila rin (na humiwalay sa Pililla noong 1786) at ang Isla ng Talim, na hanggang ngayo'y may isang sitio na Pila. Kinikilala rin ang mga inapo ni Gat Salian bilang mga

Limitadong Pagbabasa

tagapagtatag ng iba pang bayan ng kasalukuyang probinsya ng Rizal. Sa mga librong pansimbahan ng ika-18ng siglo, lumilitaw pa ang apelidong Gat Salian, paminsan-minsan na nga lamang (RCC, 1967, pah. 4, 324; Vance, 1980, Tomo 2, pah. 514-17; Huerta, 1855, *passim*; ASSAP, 1729-1833).

Ang ginto, kaakibat ng batong buhay at luwad, ang paulit-ulit na tema sa maalamat na kasaysayan ng Pila. Ang "Maginto" – ang maginoong pamagat ni Gat Salian – ay maaaring tumutukoy sa ginto bilang isang pangunahing bahagi ng kabang-yaman ng Pila. Gaya ng natunghayan na natin, binabanggit sa Inskripsyon sa Binatbat na Tanso na itinalaga ng hari ng Tondo si Gat Jayadewa ng Pila para ayusin ang kaso ng pagkakautang sa ginto sa hanay ng mga maginoo. Noong hk. 1375, isa na namang datu ng Pila ang bumili ng isang bagong lugar, ang Pagalangan, "sa sarili niyang ginto." Maging ang pangalan ng isa sa pinakaunang *cabeza de barangay* ng Pila noong 1599 na si Don Antonio Tobantahel, ay nagpapahiwatig ng pinakamataas na pamantayan ng timbang ng ginto na ginagamit sa kalakalan. Taglay din ng mga aristokratikong Pileña ang pangalang *Dalisay* ("purong ginto") at *Hilapo* ("20 kilates na ginto") na nang malauna'y ikakabit sa kanilang mga Kristiyanong pangalan sa pagdating ng mga Espanyol. Sa agos ng panahon, napabantog sila sa pagkakaroon ng mga mana-manang gintong alahas, ang ilan sa mga ito ay natagpuan sa mga libingan ng Pinagbayanan. Sa kanilang mga huling kalooban, naglalaan ang mga *principales* ng Pila ng isang parirala kung paano hahatiin ang mga gintong ari-aian sa kani-kanilang mga tagapagmana. Dangan kasi'y estratehikong nakalugar ang Pila sa landas ng ginto ng Timog Katagalugan. Nagmumula sa mga minahan ng Paracale, dinadala ang mamahaling metal sa kalapit na bayan ng Libon, Albay para maiproseso, pagkatapos ay ibinabiyahe pahilaga sa pamamagitan ng lupa at ilog patungong Tayabas, Tayabas (ngayo'y Quezon), pagkatapos ay patungong Pila sa baybayin ng Pulilan, at sa wakas ay sa mga sentro ng kapangyarihan at kalakalan, ang Tundo at Maynila, sa pamamagitan ng Ilog Pasig. Sa kanilang walang

Limitadong Pagbabasa

humpay na paghahanap ng ginto, mamamarkahan ng mga *conquistador* ang tatlong pinakamayamang bayan ng Libon, Tayabas at Pila, maliban sa iba pa, bilang "*villas de Españoles*" (*B&R,* Tomo 10, pah. 282-88; ASSAP Libros 18th c., *passim*; Wills, 1792-1856, *passim*; PHSF, 2003, pah. 14; *Ayala gold exhibit* sa: Santiago, 2005; Tiongson, 2004).

## Ang Paglipat sa Pagalangan (hk. 1375)

Noong hk. 1375, dahilan sa kalamidad gaya ng matinding pagbaha, kinailangang lisanin ang orihinal na luklukan ng Pila/Pailah (kasama ang Bulilan). Sa mga panahong iyon pumutok ang Bulkang Pinatubo sa Zambales na nagpasiklab ng isang serye ng mga kasindak-sindak na pangyayari sa kalikasan, na marahil ay may kaugnayan sa lubhang pagtaas ng tubig sa Pulilan o Dagatan ng Baé. Sa mga himatong pangwika, maaari tayong magmunukala na lumipat muna ang mga mamamayan ng Pailah sa isang mataas na kalapit lugar na ngayo'y tinatawag na Bagong Pook. Subalit hindi ito umunlad dahil na rin marahil sa may kalayuan sa baybay ng lawa. Ipinahihiwatig ito ng katunayan na ang Bagong Pook ay hindi isang mahalagang lugar na arkeolohikal at nanatili itong isang baryo lamang hanggang sa kasalukuyan.

Limitadong Pagbabasa

Di nagtagal at lumipat ang barangay ng Pailah sa Pagalangan, na nangangahulugang "ang lugar ng paggalang." Mula noon, tinawag nang Pinagbayanan ang dating lugar, ibig sabihin "ang lumang bayan." Binabanggit ng Pransiskanong historyador na si Fray Juán de Plasencia (1589), na ang datu ng Pila, "sa pamamagitan ng kanyang sariling ginto" (marahil ay tumutukoy kay Gat Salian o sa kanyang kahalili) ay bumili ng bagong lugar mula sa isa pang datung dating nagmamay-ari nito na lumipat na lamang sa ibang pook pagkatapos. Kung saan siya lumipat ay nananatiling isang palaisipan. Maaari tayong

magpanukalang muli na pumili siya ng isa pa sa mga kasalukuyang baryo dito.

Ipinamahagi ng datu ng Pila ang mga nasasakang lupain ng Pagalangan sa mga maginoo at taong malaya, na sa kabilang banda, ay nagbabayad sa kanya ng sandaang gatang na bigas bilang taunang upa (Tenazas, 1968, pah. 16, 20; Plasencia, 1589 sa: *B&R,* Tomo 7, pah. 175). Ito lamang ang tanging naitalang halimbawa ng isang pre-Hispanikong pribadong lupain (katumbas ng isang hasyenda ng mga Espanyol) sa Pilipinas na iba sa mga lupaing komunal.

Sa mga panahon ding ito, ipinakilala ang Islam sa Katimugang Pilipinas noong huling bahagi ng ika-14 na dantaon. Lumaganap ito sa Gitnang Luzon maging sa Maynila makalipas ang isang siglo. Sapagkat ang Pila ay malapit na kaugnay ng Maynila at Tondo, malamang nakatanggap din ito ng ilang panimulang impluwensyang Muslim. Hanggang ngayon, tinutukoy ng mga Tagalog kasama na ang mga Pileño nang pabiro ang pre-Hispanikong panahon bilang "Panahón pa ni Mahoma." Gayunpaman, nananatiling malabo ang maikling yugtong ito sa kasaysayan ng Pila na sumasaklaw sa tatlong henerasyon ng tradisyong Muslim.

Limitadong Pagbabasa

## Ang Pagdating ng mga Espanyol (1571)

Dalawang daang taon pagkatapos ng paglipat sa Pagalangan, "natuklasan" ng mga Espanyol na *conquistador*, sa pamumuno ni Don Juán de Salcedo noong 1571, ang Pila. Pagkatapos ito ng "pasipikasyon" ng Maynila. Nang taon ding iyon, ika-14 ng Nobyembre, ipinagkaloob naman ni Miguel López de Legazpi, ang kauna-unahang gobernador-heneral na Espanyol, ang *encomienda* (mga tributo) ng Pagalangan at iba pang bayan ng Laguna kay Don Francisco de Herrera, isang *regidor* (konsehal) ng Maynila. Sa muling pag-oorganisa ng mga *encomienda* noong 1575, ipinagkaloob ang mga tributo ng Pila kay

Don Hernando Ramírez noong ika-29 ng Hulyo. Ito ang kauna-unahang pagkakataong lumitaw ang Pila sa tala ng mga Espanyol (AGI, 1571-75 sa: Tormo Sanz 1971, pah. 123; San Agustin, 1975, pah. 345-46; Zaide, 1979, pah. 14-24).

Bilang pagkilala sa napakalawak nitong teritoryo at saklaw ng impluwensya, gayundin sa kamaharlikaan ng taumbayan, binigyan ang bayan ng espesyal na pamagat na "*La Noble Villa de Pila*" at pinalamutian ng isang eskudo. Bilang isang taong *hurídico*, naangat ang Pila sa antas ng kamaharlikaang Espanyol at nagtakda rito ng isang "*Villa de Españoles*," kung saan hinikayat ang paninirahan ng mga kolonisador. Bilang mga pribilehiyadong sakop ng hari, inilibre ang mga Pileño sa *polo y servicios*, sa mga gawaing gaya ng pagputol at paghila ng puno sa kagubatan ng malalayong lugar, at pagtatayo, pagkukumpuni at pagpapaandar ng mga barko sa kalakalang galyon. Sumusunod ang *villa* sa ranggo ng isang siyudad, na maaari ding ideklarang *villa*. Sa lahat ng kanyang mga dekreto, pormal na tinatawag ng hari ang mga *villa* nang lahatan. "*La Muy Heroica Villa y Corte de Madrid*" ang pinakapangunahing *villa* ng imperyo "na hindi nilulubugan ng araw." Samantala, ang "Natatangi at Laging Tapat na Lungsod ng Maynila" ay hindi naitalagang *villa*. Apat na mga bayan sa Pilipinas ang sa simula'y nagtamo ng ganitong taguri mula sa mga maselan na *conquistador* ng ika-16 na siglo: ang Cebu (1565); Libon, Albay (1573); Vigan (1574); at Arevalo, Iloilo (1581). Noong ika-17ng siglo, tanging ang Pila lamang ang ginawang isang *villa* (hk. 1610). Ang tatlo pang sumunod na *villa* ay ang Tayabas, Tayabas (1703); Bacolor, Pampanga (1765); at panghuli, ang Lipa, Batangas (1887). Gaya ng Pila, lahat ng *villa* ay matatagpuan sa mga ruta ng ginto ng Hilaga at Timog Luzon at Bisaya, na malaon nang nabuo ng mga Pilipino bago pa ang Pananakop (Gonzales-Doria, 1994, pah. 338, 343; AHN, 1620 sa Tormo Sanz, 1971, pah. 123, 144-49; San Agustin, 1975, pah. 345-46; Zaide, 1979, pah. 14-24; San Buenaventura, 1613, pah.

Limitadong Pagbabasa

titulo, 707; Huerta, 1855, pah. 137-139; Santiago, 2005; Tiongson, 2004).[2]

## *Bajo la Campana*

Ang mga Agustino ang mga unang misyonero ng *villa* na pinangasiwaan ito mula sa Baé, ang unang kapital ng probinsya (1571-1688). Humalili ang mga Pransiskano noong 1578 sa pagdating ng walang-takot na sina Fray Juán Portocarrero de Plasencia (hk. 1540-90) at Fray Diego de San José de Oropesa (hk. 1535-90), "ang mga apostoles ng Laguna at Tayabas." Napahanga si Oropesa sa pananampalataya ng mga Pileño, kung kaya't ipinasya niyang dito itayo ang kanyang "punong tirahan." Samantala, pinili naman ni Plasencia ang Lumbang at dito na namalagi nang tuluyan. Sa di-hayag na paligsahan sa pagitan ng Lumbang at Pila, lumilitaw na higit na matimbang ang Lumbang kaysa Pila para sa kanila. Inialay nila ang simbahan ng Lumbang kay San Francisco de Asís, ang tagapagtatag ng orden, habang ang Pila naman ay kay San Antonio de Padua, pinakapinagpipitaganang Pransiskanong sumunod sa tagapagtatag mismo. Ang simbahan ng Pila ang naging kauna-unahang simbahang Antonino sa Pilipinas (1578) at malamang, sa buong Asya na rin. Mula sa dalawang sentro, nagtungo ang mga misyonero sa iba pang mga bayan sa Laguna at Tayabas at bumuo ng mga *reducción*; ibig sabihin, tinipon ang mga unang binyagan sa isang lugar upang madali silang mabigyan ng mga katuruan at pagsasanay sa bagong pananampalataya. Kung kaya, tinawag silang "*Padres de las Reducciones*." Madalas din si Plasencia sa Pila. Bahagya niyang ibinatay ang kanyang monumental na akda, "*Costumbres de los Tagalos*" (na isinulat sa Nagcarlán noong 1589) sa mga obserbasyon niya sa bayang ito,

Limitadong Pagbabasa

[2] Sa dokumento ng AHN, sa listahan ng mga bayan ng Laguna at Tayabas na nagbigay ng sapilitang paggawa sa gobyernong sentral, ang Pila lamang ang di-kasaklaw.

laluna ang konsepto ng mga tao ng pagmamay-ari ng lupa. Sa katunayan, gaya ng nabanggit na, pinagtibay ni Plasencia ang isang napakahalagang yugto sa kasaysayan ng Pila bago pa dumating ang mga Espanyol – ang paglipat mulang Pailah/ Pinagbayanan tungong Pagalangan (ang kasalukuyang Victoria), gayundin ang pagkakaroon ng isang mala-hasyendang lupain sa *villa* (APAFV, 1572-1600, pah. 18; Galende, 1965, pah. 35-79; Huerta, 1855, pah. 137-139; Gómez Platero, 1880, pah. 17, 25; Plasencia sa *B&R,* Tomo 7, pah. 173-185; de la Llave, 1644; Tormo Sanz, 1971, pah. 25, 125).[3]

Iniangat nina Plasencia at Oropesa ang mga *reduccion* ng Laguna at Tayabas sa antas ng misyong-parokya sa pagitan ng 1580 at 1583. Malamang, pinasinayaan ang parokya ng Pila, na pinangalanang "San Antonio de Pila," sa kapistahan ng patron nitong si San Antonio de Padua noong ika-13 ng Hunyo, 1581, na kanya ring ika-350ng kamamatayan. Ito rin ang kauna-unahang parokyang Antonino sa Pilipinas. Sa puntong ito, nakuha ng simbahan nito (na noo'y yari pa rin sa kahoy at kawayan), ang una nitong kampana mula sa hari ng Espanya. Ang unang kura-paroko ay si Oropesa (1581-83). Ngayon, masasabi nang "*bajo la campana*" (nasa ilalim na ng batingaw) ang mga Pileño, ibig sabihin, pinagbuklod ng Pananampalatayang Katoliko, na mula noon ay naiukit na sa kanilang mga puso't diwa. Mahalaga ring banggitin na si San Antonio (1195-1231) ay nabuhay sa Europa sa kasagsagan ng Ginintuang Panahon ng Pila/Pailah sa Pinagbayanan. Kaunti pa lamang napagwawari ng "santo ng mga naliligaw at tagahanap ng mga nawawalang bagay" nang panahong iyon na mabubuo ang isang ispiritwal na ugnayan sa pagitan ng Padua at Pila sa kabilang bahagi ng mundo sa pamamagitan ng Espanya at Mehiko makalipas ang

Limitadong Pagbabasa

[3] Si de la Llave (hk. 1570-1645), ang pastor ng Pila mula 1635-1637, ang sumulat ng unang Pransiskanong kronikel sa Pilipinas (1644).

mahigit pa sa 300ng daantaon (Gómez Platero, 1880, pah. 17, 25; de la Llave, 1644; de Huerta, 1855, pah. 137; Clasen, 1967).[4]

Noong 1582, bumibilang sa 1,600ng tributo o humigit-kumulang sa 6,400ng mamamayan ang enkomyenda ng Pila. Sa pagsapit ng 1591, ang "*Pila la Grande*" (Malaking Pila) ay mayroong 6,800ng katao o 1,700ng tributo. Napakasagana ng enkomyenda kung kaya't pinaghatian ito ng dalawang opisyal, nina Kapitan Francisco Mercado de Andrade at ang Tagapagdala ng Bandila Juán de Peñalosa, na di-gaya ng iba pang *encomendero*, ay masigasig na nagsasagawa ng kanilang mga tungkulin. Nakapagpatayo sila hindi lamang ng isa bagkus ay dalawa pang kumbento para sa *villa* – patunay lamang sa napakalaking salaping nakolekta sa *encomienda* (*B&R,* Tomo 5, pah. 89; *B&R,* Tomo 8, pah. 96-141). Ang parte ni Peñalosa sa mga tributo noong 1604 ay nagamit din sa pagtaguyod ng Hospital Real sa Intramuros (Tiongson, 2006). Upang makatiyak, mayroon pang isang Pila sa tangway ng Morong sa ibayo ng lawa, na bahagi naman talaga ng Pila bago dumating ang mga Espanyol. Upang maiba ito mula sa ating Pila, tinawag itong "Pililla" (Munting Pila) sa paghiwalay nito sa Morong noong 1583 (de Huerta, 1855).

Limitadong Pagbabasa

[4] Na ang 1581 ang malamang na taon ng pagkakatatag ng parokya ng Pila ay nakabatay sa katotohanang ang pangalawang kampana ng bayan ay may petsang 1681. Lumilitaw na ang kampanang ito ang gumugunita sa sentenyal ng parokya. Gayundin, bagaman sinimulan nina Plasencia at Oropesa ang *reducción* sa Pila noong 1578, hindi sila makapamamalagi rito sa loob ng napakahabang panahon sapagkat kailangan nilang isagawa rin ang gayong plano sa iba pang mga bayan ng Laguna at Tayabas. Sang-ayon kay Gómez Platero, naisakatuparan nina Plasencia at Oropesa ang sumunod na yugto sa proseso ng konbersyon noong 1580-1583. Ito ang pormal na pagkakatatag ng mga parokya ng iba't ibang bayan. Kapwa binabanggit nina de la Llave (1644) at de Huerta (1855) na ginawang "pangunahing tirahan" ni Oropesa ang Pila, na nagpapahiwatig na si Oropesa nga ang unang kura-paroko ng Pila.

## Maguinoo't Timawa

Pinetisyon ng mga parokyano ang gobyerno sentral noong 1599 para sa lisensyang gagamitin sa pagtatayo ng simbahang bato. Inaprubahan agad ito at ang banal na proyektong ito ang ookupa sa kabuuan ng *villa* sa sumunod na dalawang dekada (de Huerta, 1855, pah. 137).

Samantala, noong ika-13 ng Hunyo, 1599, ipinatawag ng alkalde mayor ng Laguna ang lahat ng mga maguinoó at timawa (malalayang tao) sa lahat ng mga bayan ng Laguna na tumungo sa Lumbang upang pormal na makapanumpa ng katapatan sa Hari ng Espanya. Dahil kapistahan ito ng bayan ng Pila, hindi makadalo ang gobernador nito at sa halip ay ipinadala na lamang ang Tinyente Gobernador Don Domingo Labaulón kasama ang mga *cabeza de barangay* na sina Don Francisco Maglilo, Don Antonio Tobantahel, Don Joán Lagbán at Don Miguel Bati. Sila ang mga pinakamaagang pinangalanang pinuno ng Pila sa panahong kolonyal. Lahat sila ay naghalinhinang manungkulan bilang *gobernador* ng bayan noong unang bahagi ng ika-17ng siglo. Bagamat taos-puso nilang niyakap ang pananampalatayang Katoliko, ang magigiting na grupong ito ng mga pinuno ng Laguna ay hindi yuyuko sa isang dayuhang pinuno. Sa kanilang isipan, dalawang magkahiwalay na usapin ang Kristiyanisasyon at kolonisasyon; samantala sa kamalayan ng mga mananakop, mainam kung pagsasamahin ang mga prosesong ito. Taglay ng maaagang Pilipinong ito ang kapangahasang humingi ng moratoryo ng isang taon upang pag-isipan ang pagpupugay sa isang haring di-nakikita at naghahari pa sa kabilang dulo ng daigdig (*B&R,* Tomo 10, pah. 282-88). Ni ang mga Tsino o mga Muslim na kanilang ka-kalakalan sa loob ng maraming siglo ay hindi humiling sa kanila ng ganito.

Limitadong Pagbabasa

## Palimbagan at Pagamutan

Itinatag ng mga Pransiskano ang pinakauna nilang palimbagan hindi sa Maynila kundi sa Pila noong 1611 bilang patunay sa pagiging sentrong pangkultura nito ng Laguna bago pa man dumating ang mga Espanyol. Ito ang pumapangalawa sa buong kapuluan sa palimbagang itinatag ng mga Dominiko. Inupahan nila ang tinaguriang "Prinsipe ng mga Pilipinong Manlilimbag" na si Tomás Pinpín ng Abúcay, Bataán (noo'y bahagi ng Pampanga) at si Domingo Loag upang patakbuhin ang palimbagan. Noong 1613, inilimbag nila ang unang diksyunaryong Tagalog na pinamagatang *Vocabulario de Lengua Tagala* ni Fray Pedro de San Buenaventura, ang kura-paroko ng Pila. (Kung ikukumpara ito sa unang librong inilimbag sa Estados Unidos noong 1638, lumalagay na 25ng taon ang tanda nito.) Binubuo ng 707ng pahina, taglay ang dalawang bahagi: Espanyol-Tagalog at Tagalog-Espanyol, sadyang idinisenyo ang *Vocabulario* para matulungan ang mga misyonero ng lahat ng relihiyosong orden sa isinasagawa nilang ebanghelisasyon sa rehiyon ng Katagalugan. Umabot ng pitong taon ang proyektong ito na sinimulan ni San Buenaventura noong ika-20 ng Mayo, 1606 hanggang sa matapos ang imprenta nito noong ika-27 ng Mayo, 1613. Mayroon lamang apat na kilalang kopya ang librong ito, ang isa ay nasa Koleksyong Pardo de Tavera sa Maynila, ang dalawa nama'y nasa mga Artsibong Pransiskano sa Madrid (na dating nasa Maynila) at ang isa pa'y sa Museong Ingles sa Londres (na marahil ay dinambong sa Pila noong 1762). Noong 1994, inimprenta sa Madrid ang isang paksímileng edisyon mula sa orihinal na nasa pagmamay-ari ng mga Pransiskano (San Buenaventura, 1613; T. H. Pardo de Tavera, 1903, 379, 2493; José, 1993[a], pah. 21-28; José, 1993b, pah. 2, 8).

Limitadong Pagbabasa

Ang Tagalog na sinasalita sa Pila ay itinuturing na nasa napakadalisay nitong anyo. Dahil sa pagiging lugar ng publikasyon ng unang bokabularyong Tagalog, nakatanggap na naman ang Pila ng isa pang mahusay na lingguwistang

Pransiskano, si Fray Francisco de San Antonio bilang pastor o *vicar* ng parokya noong mga bandang 1620. Dumating siya sa Pilipinas noong 1616 at kagyat na naitalaga sa probinsya ng Laguna. Pinagsumikapan niyang rebisahin at palawigin ang manipis na bahaging Tagalog–Espanyol ng diksyunaryo ni San Buenaventura. Bago pa man siya malagutan ng hininga sa pagamutan ng Pila, halos natapos na niya ang kanyang mababang-loob na punyagi. Subalit nanatiling nasa anyo ng manuskrito ang kanyang akda sa loob ng humigit-kumulang apat na daantaon hanggang sa matuklasan itong muli kamakailan lamang. Sa kauna-unahang pagkakataon, nailimbag lamang ito ng Unibersidad ng Ateneo de Manila noong 2000. Anupa't masasabing naipook ng mga obra nina San Buenaventura at San Antonio ang Pila sa mapang lingguwistiko at pampalimbagan ng buong mundo (San Antonio, 2000, pah. xii; Gómez Platero, 1880, pah. 139).

Limitadong Pagbabasa

Makalipas ang 18 taon ng ebanghelisasyon, gayundin ng sapilitang paggawa, sa wakas ay pinasinayaan noong 1671 ang simbahan at kumbentong yari sa bato na nakaharap sa lawa pasilangan. Kapwa ang mga batong buhay at ladrilyong gawa sa luwad na matatagpuan sa lugar – mismong ang mga sinasagisag ng Pila – ay nagsilbing mga angkop na materyales sa pagtayo ng sagradong gusali. Isang krus na yari sa kahoy na may kongkretong paanan ang itinayo sa harap ng kanang bahagi ng *fachada* na nagsisilbing isang hugpungan sa tore sa kaliwang bahagi. Ang pinaka-istruktura nito ay ilalarawan bilang "pinakamagandang simbahan sa buong probinsya" noong huling bahagi ng ika-18ng siglo ni Don José Peláez, *alcalde mayor* ng Laguna at ama ni Padre Pedro Pablo Peláez, ang pinuno ng kilusang sekularisasyon ng sumunod na siglo (de Huerta, 1855, pah. 138; SP, 1740-1846, *passsim*).[5]

---

[5] Kasama ng isang grupo ng mga historyador, sinarbey at siniyasat ng may-akda ang mga labi ng unang simbahan sa lumang lugar nito sa Pagalangan (ngayo'y Victoria) noong 1978 at 1986.

Dahil sa mainam-sa-kalusugang klima ng Pila, ipinasya rin ng mga Pransiskano na ilipat ang kanilang pagamutan mulang Lumbang patungong *villa* noong 1618. Nanatili ito sa Pila hanggang 1673 nang ilipat ito nang malaunan sa Sta. Cruz, Laguna. Sa panahong ito, isang mahabang listahan ng mga misyonerong Pransiskano, humigit-kumulang 75, ang nagretiro at namatay dito at inilibing sa sementeryo ng bayan. Kasama rito sina Fray Miguel de Talavera (namatay 1622), isang mahusay na manunulat sa Tagalog, at si Fray Blás de la Madre de Diós (namatay 1626), dating probinsyal at may-akda ng pinakaunang *Flora de Filipinas*. Maaari ding makakuha ng mga serbisyo ng ospital ang mga katutubo habang nakikitira sila sa mga bahay ng mapagmalasakit na mga Pileño malapit dito. Ang pinakakahabag-habag na naratay sa pagamutan ng Pila at doon din namatay ay ang pinakatanyag sa lahat. Ang dating pinunong pari sa palasyo ng Madrid, si Arsobispo Fernando Montero de Espiñosa ng Maynila ay nagkasakit nang malubha sa simula ng kanyang panunungkulan noong 1644; pumanaw siya sa Pila sa kasagsagan ng isang malakas na bagyo. Namalagi ang kanyang bangkay sa simbahan ng Pila hanggang sa mailipat ito sa isang mabagal na libing, sa pamamagitan ng *camino real* (maharlikang daanan), patungong katedral ng Maynila (de Huerta, 1855, pah. 139; Gómez Platero, 1880; *B&R,* Tomo 35, pah. 111, 289, 317; *B&R,* Tomo 37, pah. 162; at AAM, 1681, 1, pah. xi, 101).[6]

Limitadong Pagbabasa

Bilang pahayag sa lalim ng kanilang pagyakap sa Katolisismo, nakibahagi ang ilang *principales* ng Pila sa mga taga-Baé at Tabuco (ngayo'y Cabuyao) sa pagkakaloob ng ilang matataba nilang bukirin noong 1608 sa Hospital de Nuestra Señora de Aguas Santas de Maynit. Ang baryo Maynit ("manit na tubig"), isang natatanging likas na bahagi ng Baé, ay tatawagin nang malaunang "Los Baños." Ipinahihiwatig ng mga donasyon na ang mga maharlikang pamilya ng tatlong bayan ay

[6] Sa *Anales Ecclesiásticos* (1: xi & 101), may isang nagdadalamhating ilustrasyon ni Arsobispo Montero de Espinosa na nakahimlay sa Katedral ng Maynila.

magkakamag-anak noon pa mang panahong pre-Hispaniko. Kung tutuusin, ipinakikita ng mga tala sa simbahan noong ika-18ng siglo na nagpangasawahan ang mga miyembro ng mga pamilyang ito. Dahil ang mga "lupaing ospital" sa Pila ay pinangangasiwaan ng mga lalaking ninuno ng mga Rivera, bahagi sila ng grupong nag-ambag. Hiniling nila na ang taunang kita sa mga lupaing ito ay gamitin sa pagdiriwang ng isang Misang *Requiem*, kasama ang isang bihilya at *catafalque* para sa habambuhay na pananahimik ng kanilang kaluluwa. Malapit sa Pila, lumago ang lugar na kinalalagyan ng ospital, sa isang bayang nanatiling tanyag sa maiinit na bukal nito, mga ilog sa ilalim ng lupa, at mapaghimalang lunas sa mga sakit (F de Rivera, 1810; Buzeta, 1851, pah. 168-69; de Huerta, 1855, pah. 152-53; Harper, 1999).

Isang delegasyong binubuo ng *gobernadorcillo* at ilang piling *principales* ng Pila ang sumama sa kanilang kura parokong si Fray José Fonte sa Maynila para sa mabunying pagdiriwang ng kamartiran ng mga misyonerong Pransiskano at mga laykong Hapones sa Lupain ng Sumisikat na Araw. Noong ika-2 ng Pebrero, 1630, "isang mabunying prosesyon" ang inorganisa sa kumbentong Pransiskano at na taimtim na nagtungo sa Katedral. Dala-dala ng bawat parokyang Pransiskano sa paligid ng Maynila at Laguna ang kanilang seremonyal na krus gayundin ang isang sagisag ng isa sa mga martir. Bilang isang Maharlikang *Villa*, ginawaran ang mga kinatawan ng Pila ng lugar ng karangalan sa pagtatapos ng taimtim na prosesyon sa harap ng *Venerable Orden Tercera* (VOT). Tampok sa sekular na bahagi ng mga kasiyahan ang kauna-unahang labanan ng toro sa Pilipinas, na nasaksihan ng mga piling Pileño at walang kaduda-dudang naiugnay nila ito sa kalupitan ng mga Espanyol sa mga katutubo (de Huerta, 1855, pah. 15-16).

Limitadong Pagbabasa

## Mga Kampana at Koro ng Pila

Noong 1681, marahil bilang paggunita sa sentenaryo ng pagkakatatag ng parokya ng Pila, gayundin ng ika-450ng kamamatayan ni San Antonio, isang bagong kampana ang ginawa para sa simbahan. Nakaukit dito ang mga sumusunod: *San Antonio de Pila Año de 1681*, sa gawing itaas nito ay ang pigura ng isang krus sa ibabaw ng isang pedestal na may tatlong baitang sa magkabilang gilid. Nananatili pa ang banal na kampanang ito hanggang ngayon bilang pangatlong pinakamatandang batingaw sa Pilipinas. Ang pinakamatanda ay yaong ginawa noong 1596, na nasa Calamaniogan, Cagayán, kahit pa ang Binalatongan, Pangasinán ang siyang nagmamay-ari nito. Ang pangalawa naman ay ginawa noong 1642 sa Longos (ngayo'y Kalayaan), Laguna (José, w.p.).

Pananampalataya at musika ang dalawang pinakamahalagang hiyas ng mga Pileños katulad ng mga kapwa nilang Pilipino. Nag-ugat ang pananampalataya ng Pila noong huling bahagi ng ika-17ng siglo. Noong 1686, siniyasat at inaresto ng mga opisyales ng Arsobispado ng Maynila ang mga *catolonan* (babaeng pari) at ang kanilang mga tagasunod sa mga karatig lalawigan ng Laguna at Batangas. Nahuli silang nagsasagawa ng ritwal ng *mag-anito* sa loob ng mga kuweba ng Santo Tomás de los Montes na noo'y bahagi ng Laguna. Umabot ang kanilang impluwensya sa mga karatig bayan ng Nagcarlan, Liliw, San Pablo, Baé at Los Baños subalit natigil sa Pila (ASAV, 1686).

Limitadong Pagbabasa

Walang kaduda-dudang mahiligin ang mga Pileño sa musika. Sang-ayon sa isang Pransiskanong manunulat, si Fray Juán de Jesús (Sánchez, 1988): "Hindi maitatangging ang musika ay isa sa mga umaapila sa (mga Pilipino). Makikitang kahit walang mga nagtuturo, mahuhusay na musikero ang mga Indio. Nasaksihan ko ito sa Pila noong (Hunyo) 1686 nang dumalo ako sa lamay ng *Corpus Christi*. Sa pagkakataong ito, limang koro ang umawit at wala ni isang sumablay sa tono. Makikita rin

nating (ang mga Pilipino) ay gumagawa ng mga musikal na instrumento at mahusay nila itong pinatutugtog" (de Jesús, 1703).

Ang prestihiyo at halina ng Pila bilang isang "*Villa de Españoles*" ang nakaakit sa ilang prominenteng pamilyang Espanyol ng Maynila na manirahan sa dakilang bayan noong ikalawang hati ng ika-17ng siglo. Taglay nila ang mga apelyidong Thenorio, Caviedes, Robles, Sarmiento, de Silva at del Rio. Sa pakikipagpangasawahan sa mga panginoong maylupa, nagbigay-daan sila sa isang uri ng mga mestisong Espanyol na gaya ng mga nasabing maylupa, ay nanungkulan din bilang mga pinuno ng bayan. Ang mga Thenorio, sa partikular, ay nagmula sa matatapang na angkan ng Extremadura, Espanya. Ang kanilang ninunong babae na si Doña María Cortés de Monroy ay kapatid na babae ni Hernán Cortés (1485-1547), ang Manlulupig ng Méhiko. Mula sa Ciudad de los Reyes ng Perú, dumayo sila at nanahan nang malaunan sa "Natatangi at Laging Tapat na Lungsod ng Maynila" (AGI, 1699; Alva Rodríguez, 1997). Humalo ang dugo ng mga mananakop sa dugo ng mga lakan na siya ring nagpayaman sa dugo ng una. Sa pakikipag-isang-dibdib sa mga inapo ng mga datu ng Pila, naging kasama silang tagapagmay-ari ng mga pre-Hispanikong lupaing binabanggit ni Plasencia noong 1589. Dahil mga katutubong pinuno ang nagtatatag ng mga lupaing ito, hindi ito nakatanggap ng opisyal na pagkilala sa kolonyal na gobyerno. Gayunpaman, "*hacienda*" pa rin ang turing dito ng mga Pileño dahil sa sobrang lawak nito. Dahil sa istriktong panata ng kahirapan, ang mga Pransiskano ang tanging ordeng panrelihiyong tumalikod sa pagmamay-ari ng mga hasyenda. Marami sa malalawak na lupain sa mga probinsyang kanilang pinamahalaan, gaya ng Laguna, ay nakuha o pinangasiwaan ng mga pamilyang may dugong Espanyol-Pilipino o mestiso (ASSAP, 1729-1833; Rivera Wills, 1792-1856; AP, 1953). Di-gaya ng mga mestisong Espanyol, kaunting mestisong Intsik lamang ang nakapag-ugat sa komunidad. Kung

Limitadong Pagbabasa

kaya, hindi kailanman nakabuo ng hiwalay na Gremio de Mestizos de Sangley ang Pila.

## Mga Pinuno ng ika-18ng Siglo

Bago sumapit ang ika-18ng siglo, si Don Antonio Maglilo, isang inapo ng nabanggit na *Cabeza de Barangay* Don Francisco Maglilo (1599), ang umangat bilang unang matatag na pinuno ng Pila. Nanungkulan siya sa loob ng 16 na taon (1696-1712) bilang *gobernadorcillo* (puno ng bayan) – ang pinakamahahabang panunungkulan sa rehimeng Espanyol. Tunay nga na sa Lumang Tagalog, ang Maglilo ay nangangahulugang "maging matapang o maggiit ng kapangyarihan." Walang kaduda-dudang ang mga Maglilo ay mga inapo nina Gat Salián Maguintó (AP, 1953; San Buenaventura, 1613). Sa panahon ng panunungkulan ni Don Juán Carillo noong 1721, nasaksihan ang matinding pagputok ng Bundok Banahaw, ang banal na bundok ng mga Tagalog. Lumambong sa mga kagubatan ng Pila at iba pang mga nakapaligid na bayan, nanira ito sa mga kanayunan. Hanggang ngayon, ang mga batong bulkan na may iba't ibang laki at kayarian ay makikita pa ring nakakalat sa iba't ibang bahagi ng bayan (Gorospe, 1992, pah. 11).

Limitadong Pagbabasa

Ang pinakamabunying personalidad na lumitaw noong ika-18 dantaon ay si Don Juán de Rivera, tagapagtatag ng angkang Rivera, na nanungkulang alkalde noong 1728. Ang mga Rivera ay isa sa mga pangunahing sangay ng mga Maglilo. Pinalitan lamang nila ito ng di-kilalang apelyido ng Rivera bilang tanda ng kanilang pagiging Tagalog o Taga-ilog, "mga tao ng ilog." Sa pamamagitan ng sipag, mana-manahan at kasal, nakuha ni Don Juán ang bantog na hasyenda ng Barangay Sta. Clara, na dati-rati'y pagmamay-ari ng tatlong matatandang dalagang kapatid ng inapo ng Espanyol na Thenorio. Ayon sa sabi-sabi, sila ay nagngangalang Doña María Silvana, Doña Jerónima at Doña Inés. Samantala, sa mga dokumento ng

pamilya, binabanggit si Doña Inés Hilapo ("Mataas na Antas ng Ginto") bilang pamangkin at tagapagmana ni Doña María Silvana. Kapwa sila hindi nag-asawa at ipinamana ang kanilang lupain sa mga Rivera na kanilang mga inapo sa mga kamag-anak. Hindi nababanggit si Doña Jerónima sa mga dokumento. Pinangasiwaang mabuti ni Don Juán ang lupain ng magkakapatid kahit pa mapabayaan ang sariling lupain sa isang bahagi ng Pila na tinatawag na *Caralangan* ("ang madalang na lupain"). Pinakasalan niya nang malaunan ang pamangkin ni Doña Maria Silvana na si Doña Josepha de Rivera y Thenorio, na kanya ring pinsan sa partido ng kanyang ama. Upang lalo pang mapagtibay ang pagiging lehitimong Rivera, pinakasalan ng anak ni Don Juán na si Don Nicolás Bonifacio de Rivera y Rivera ang isa pa rin nilang pinsang Thenorio na si Doña Paula Sarmiento de Silva y Thenorio. Mula kay Doña Paula, namana ng mga Rivera ang hasyendang Bulusucan sa paligid ng ilog na taglay din ang gayong pangalan, malapit sa lugar ng krematoryo ng Pinagbayanan. Naitala ng mga prayleng mananalaysay na karaniwan na lamang ang pagpapangasawahan ng mga pinsan sa mga sinaunang Pilipino. Samantala, masasaksihan natin ang Pagalangan, ang hasyenda ng Sta. Clara, ay mapapatanyag sa kasaysayan ng Pila sa pagtatapos ng ika-18ng siglo. Sa mga serye ng huling-habilin ng mga ninunong lalaki ng mga Rivera mula ika-18 hanggang ika-19 na siglo, maya't maya nilang pinatototohanang minana nila ang magkakarugtong na lupain ng Sinaunang Pinagbayanan, Bulilan, Daó, at Mapait "sa pamamagitan ng mga kanunununuang lalaki simula pa man noong una." Kabahagi nila dito ang mga de Castro at mga Ruiz na pawa ring mga Rivera na gumagamit lamang ng ibang apelyido. Walang kaduda-dudang ang mga Rivera ang mga direktang inapo ng mga makapangyarihang datu ng Pila (AP, 1953; AGI, 1699; Rivera Wills, 1792-1856; ASSAP, 1729-88, *passim*; Bartolomé y Rivera, 1971; Santiago, 1988).[7]

Limitadong Pagbabasa

---

[7] May mangilan-ngilan pang nakababatang Rivera sa simula ng siglo 18 ang binigyan ng apelidong Maglilo. Halimbawa, si Manuel Rojano Maglilo, apo ni Don Juán de Rivera at anak ni Don Nicolás Bonifacio de Rivera (ASSAP, *Libro*

Ang pinakalumang aklat pansimbahan ng Pila na nananatili pa ngayon ay ang *Libro de Bautismos* (1729-88). Dahil naroon pa sa mga tala ng binyag ang mga pangalan ng mga magulang ng bata, mauugat pa ng mga makabagong Pileño ang kanilang kanununununuan sa simula ng ika-18ng siglo o mga 10 hanggang 12ng henerasyon pabalik. Ang pangalawang pinakamatandang aklat ay ang *Libro de Casamientos* (1752-1834) at ang pangatlo, ang *Libro de Entierros* (1755-1833). Nakatala sa pangatlo na nilibing ang mga *principalia* sa loob ng simbahan, habang ang iba pa'y sa sementeryo sa patio o malapit sa simbahan sa Pagalangan (ASSAP, 1729-1833).

## Ang Siglo ng Pagdurusa

Sinimulang sindakin ng Apat na Mangangabayo ng Apokalipso ang Pila, ang isa matapos ang isa, sa kalagitnaan ng ika-18ng siglo. Marahil, sa panahong ito tinawagan ang ikalawang patron ng Pila, si San Roque, para "tulungan" si San Antonio ng Padua sa pagtatanggol sa *villa* at pagsusumamo para sa kaligtasan nito sa hukuman ng kalangitan. Mahusay si San Roque sa pagsugpo ng mga epidemya, na karaniwang kaakibat ng mga kalamidad dahil sa matinding hirap, pagkasalanta, at kontaminasyon ng mga pagkain at tubig, malnutrisyon at pagsisiksikan sa mga pook-kanlungan. Maraming himala ang iniuugnay sa kanya ng mga mananampalataya ng Pila, ang ilan dito ay pinatototohanan mismo ng mga Pransiskano at naidokumento nang husto sa mga opisyal na libro (Huerta, 1855, pah. 138).

Limitadong Pagbabasa

Ayon sa alaala ng mga tao, pumutok ang Bundok Banahaw noong 1743. Inilibing nito ang bayan ng Sariaya sa Tayabas (ngayo'y Quezón) sa gawing timog, subalit iniligtas ang Pila at iba pa nitong kalapit bayan sa hilagang silangan (Gorospe,

---

*de Bautismos*, 1729-88). May banggit din sa mga huling-habilin ng mga Rivera (1792-1856) tungkol sa kanilang mga ninuno mula pa noong siglo 16.

1992, pah. 11). Isang malawakang pag-aalsang agraryo ang sumiklab noong 1745 sa mga lupain ng mga prayle ng Tondo, Cavite, Batangas at Laguna. Hindi man lang naapektuhan ang Pila at ang mga kalapit-bayan nito dahil sa wala namang mga hasyenda ang mga Pransiskano, gaya ng nabanggit na noong una; habang ang pagmamay-ari ng mga layko ay hindi naman nasangkot sa gayong sigalot. Subalit sa gawing hilaga lamang ng bayan, nagmamay-ari naman ang mga Dominiko ng malalawak na hasyenda ng Calambá at Biñán, at ang mga Heswita, ang hasyenda ng San Pedro de Tunasán. Pansamantala, nagbantang umabot sa Pila ang mga tunggaliang ito dahil na rin sa pagsimpatya ng mga Pileño sa mga biktima ng kawalan ng hustisya ng mga Espanyol (Roth, 1977, pah. 100-116).

Gumuhit sa kalangitan ang kometang Halley mula 1758 hanggang 1759 gaya ng inihula ng *astronomer* na Ingles kung kanino ito ipinangalan. Sa kabila ng kanilang ebanghelisasyon, ang mga Pilipino – gaya rin ng iba pang mga tao sa mundo – ay lubhang nababagabag ng mga senyales sa kalangitan. Hindi naparam ng mga sumunod na pangyayari ang kanilang takot at pangamba. Makalipas ang tatlong taon, sinalakay ng mga Ingles ang Pilipinas at inokupahan ang kolonya sa loob ng dalawang taon. Higit na nagdulot ito ng maraming pinsala at kapighatian sa Laguna kaysa sa pagputok ng Banahaw apat na dekada ang nakaraan. Matapos sunugin ang Pagsanján, ang kapital, binalingan naman nila ang Pila. Ibinaba nila ang unang kampana at dinambong ang mga sagradong bagay at sisidlan, lalong-laluna ang sagradong libro na siyang pinakaunang nailimbag sa bayan, ang *Vocabulario* ni San Buenaventura, bilang mga nasamsam sa digmaan (nakalagak sa British Museum ngayon ang huli). Gayunpaman, naitago ng mga Pileño ang pangalawang kampana (1681) mula sa mga mananalakay sa pamamagitan ng sarili nilang deskarte, malamang, hinila at inilubog nila ito sa Laguna de Bay na di-kalayuan sa bakuran ng simbahan (Zaide, 1979, pah. 17; *B&R,* Tomo 49, pah. 220, 249; José, 1993a, pah. 28).

Limitadong Pagbabasa

Pagkaalis ng mga Ingles noong 1764, nakakuha naman ng oportunidad ang Pastor ng mga Pileño na si Fray Mathías Pico (1762-67) na abusuhin sila sa halip na kilalanin ang kanilang kagitingan sa panahon ng digma. Nang hindi na nila matiis ang kanyang "kalupitan at kalapastanganan," kinasuhan ng matatapang na Pileño ang nasabing pastor sa korte. Pansamantalang umalis ang pastor sa loob ng anim na buwan (Mayo hanggang Nobyembre, 1766). Sa kanyang pagbabalik, nagsampa siya ng kontra-asunto laban sa komunidad sa salang paglulubid ng kasinungalingan laban sa kanya. Sa huli't huli, inilipat si Fray Pico sa ibang bayan, subalit kinailangan muna niyang mag-utos sa taumbayan na humingi ng patawad mula sa kanya. Kung sumunod man ang mga ito, maaaring para na lamang makaalis na ang prayle (SP, 1766).

Isang matinding bagyo ang nanalanta sa Pila at mga kalapit-bayan noong 1781, ang ika-550ng anibersaryo ng San Antonio ng Padua. Kumitil ito ng mga hayupan, sumira ng mga pananim at nangwasak ng maraming kabahayan kapwa ng mahihirap at mayayaman. Kung kaya, nananatili ito sa gunita ng bayan sa loob ng napakahabang panahon (Rivera, 1792).

Limitadong Pagbabasa

Noong Agosto 11, 1792, naglibot sa Pila ang isang Pranses na naturalista na si Louis Née, isang prominenteng miyembro ng ekspedisyong Malaspina (1789-94), kasama ang Espanyol na *botanist*, si Juán de Cuélar, upang mangolekta ng mga ispesimen ng halaman. Natuklasan nila ang halamang gamot na *kantulay* (*Pistia stratiotes L. Araceae*). Naobserbahan nilang matapos painitan at balatan ito ng kamay, ipapahid ito ng mga Pileño sa sumasakit na tiyan ng mga bata. Hindi gaya sa ibang bayan, hindi nagtagal ang mga siyentistang ito ng isang araw sa Pagalangan dahil na rin marahil sa maya't mayang pagbaha dito sa panahon ng tag-ulan. Muli na namang nailagay ang Pila sa mapa ng siyensiya nang ilathala ni Née ang kanyang mga natuklasan sa *Anales de Ciencias Naturales* noong1802 (Tomo 5, Blg. 13, pah. 76-82) (Muñoz, 1987, 3, pah. 314, 343, 353-54, 375-79).

## Agos at Panahon: Ang Paglipat sa Sta. Clara

Sa kanyang panahon, sasayapak ng Pailah sa Pinagbayanan ang Pagalangan sa isang malungkot na siklo ng kasaysayan na sadyang lumilitaw kada apat hanggang limang siglo. Sa pagpihit ng ika-18ng siglo, "isang dagat ng panganib" ang magsisimulang lumamon sa dakilang bayan. Ang patuloy na siltasyon at sedimentasyon ang magiging sanhi ng walang patumanggang pag-apaw ng Laguna de Bay sa tuwing sasapit ang tag-ulan. Inilubog ng matitinding taunang pagbaha ang mga kabahayan at lansangan, gayundin ang sakahan ng mga Pileño sa loob ng tatlo hanggang apat na buwan tuwi-tuwina. Ang naipong tubig at ang kaakibat nitong pamamaho ay lumikha ng maruming hangin na nagpataas ng insidente ng iba't ibang sakit gaya ng sipon, kolera, tuberkulosis at malaria. Isang kawan ng mga buwaya ang nagpipista sa kanilang mga kalabaw. Dagdag pa rito, sinasagkaan din ng pagbaha ang komersyo, ang pangunahin nilang pinagkukunan ng kabuhayan sa mga kalapit na bayan. Higit sa lahat, laluna para sa mga naninirahan sa malalayong baryo, napipigilan silang makapagsimba tuwing linggo at iba pang araw ng pangilin kung may baha (SP, 1740-1846; Santiago, 1983).

Limitadong Pagbabasa

## Ang mga Pabor at Kontra

Isang grupo ng mga *principales* sa pangunguna ng *tres hermanos* na sina Don Felizardo, Don Miguel at Don Rafael de Rivera (mga apo sa tuhod ni Don Juán), kaisa ang kura paroko, ang nakumbinseng hindi na matitirhan ang bayan. Inialok nila ang kanilang hasyenda sa Sta. Clara, natatangi dahil sa taas ng kinalalagyan nito, bilang bagong lugar ng bayan. Tinutulan naman ang alok ng isang paksyong nabuo at naggiit na pinasamá ng mga Rivera ang sitwasyon upang kumita sila sa paglipat ng

bayan sa kanilang hasyenda. Nahati, kung gayon, ang bayan sa dalawa: ang mga "para sa" at "laban sa" nasabing paglipat (*Ibid.*).

Bagamat di-popular at higit na kaunti, lumilitaw na malaki ang impluwensya ng mga Rivera. Gayunpaman, ang kalamangan nila ay nagmumula, hindi pa masyado sa kanilang impluwensya, kundi sa di-maitatangging realidad ng mga sirkumstansya. Sa pagdaan ng bawat taon ng litigasyon at di-pagkilos ng mga "laban," lalong lumilinaw na bilang na ang mga nalalabing araw ng lumang Pila, kundi man dahil sa kagagawan ng tao, ay dahil sa di-mapigilang pagbaha mula sa lawa. Hindi makapaghihintay ang agos at panahon. Sa kabilang banda, tila iginigiit pa ng mga laban na "sumalungat sa agos." Ang lakas nila ay ang kanilang bilang dahil malinaw na naninindigan sila para sa nakararami. Bunga nito, sinubukan ng kolonyal na gobyernong pumanig sa kanila hangga't maaari, kung kaya't nabawasan ang lamang ng mga "pabor." Gayundin naman, madaling nakakuha ng simpatya mula sa mga taga-labas ang sentimyento nilang sagipin ang bayan (*Ibid.*).

Limitadong Pagbabasa

Ang unang dekretong inilabas ng gobernador-heneral noong ika-7 ng Nobyembre, 1794 ay pumanig sa mga pabor. Ipinag-utos nito ang paglipat sa Sta. Clara sa loob ng tatlong taon kung kailan malilibre ang mga tao sa pagbabayad ng tributo, sapilitang paggawa at mga paglilingkod na personal. Tinutulan ng mga laban ang nasabing kautusan at sa halip ay nagmungkahing magpatayo ng isang dike sa baybayin ng lawa upang mapigilan ang pag-apaw nito. Kung tutuusin, tunay na makatuwiran ang tindig na ito sa mga panahong iyon. Kung kaya, lumagda ang gobernador-heneral ng isa na namang kautusan noong ika-2 ng Hunyo, 1796 na isinasaalang-alang ang mungkahi ng mga laban (*Ibid.*).

Sa halip na tutulan ang ikalawang kautusan, ipinabatid lamang ng mga pabor sa gobernador na matagal na nilang isinasakatuparan ang naunang kautusan sa nakalipas na isang taon at kalahati. Sa katunayan, nagpagawa na sila ng bagong

kampana para sa bagong simbahan sa Sta. Clara. Tinugunan ito ng nabiglang gobernador sa pamamagitan ng karaniwang taktika para mapatagal ang kaso: imbestigasyon sa puno't dulo ng "bagong representasyon" ng mga laban. Hindi inaasahang tumagal ang kaso ng pitong mahabang taon (*Ibid.*).

## Lulutang-lutang sa Agos

Noong 1798, isang pangkat ng mga *gobernadorcillo* mula sa mga nakapaligid na bayan ng Sta. Cruz, Liliw, Nagcarlan, Baé at Los Baños ang nagreklamo dahil sa kapal ng putik na bumabalot sa mga hindi madaanang kalsada patungong Pila sanhi ng tubig-baha; nakasasagabal ang sitwasyong ito sa kanilang pakikipagkalakalan. Habang papalapit ang ika-19 na siglo, lulutang-lutang na tangay ng agos ang kapalaran ng Pila, sa literal at matalinhaga nitong kahulugan (*Ibid.*).

Limitadong Pagbabasa

Nang humupa ang kasiyahan ng mga pagdiriwang sa pagsalubong sa bagong siglo, ipinasya ng komisyong panlalawigan na bisitahin at tingnan muli ang Pila; natagpuan nila ito sa mas "kalunus-lunos na kalagayan." Kung kaya, sa ikatlong dekreto, na inilabas noong ika-24 ng Mayo, 1800, muling ipinag-utos ang paglipat ng bayan sa Sta. Clara. Sa pag-asang mapabilis ang proseso, pinahintulutan ng gobernador sa unang pagkakataon ang paggiba ng nasisira nang simbahan at munisipyo ng bayan upang magamit pa ang nalalabi nitong materyales para sa bagong lugar. Inaprubahan din ng arsobispo ng Maynila ang pagtatayo ng mga pansamantalang simbahang yari sa kahoy sa Sta. Clara. Muli, umapila ang mga laban sa desisyon ng gobyerno, gamit ang mga dating argumento sa isang papel na nilagdaan ng isang mahabang listahan, kapwa ng mga prominente at pangkaraniwang mamamayan. Dahil sa kagustuhan ng gobernador-heneral na mapagbigyan ang mga tao sa lahat ng pagkakataon, sinang-ayunan niya ang pagsuspinde sa

pinakahuling kautusan. Patuloy na lumutang ang Pila sa kawalang katiyakan (*Ibid.*; AAM, 1797-1803, pah. 166).

## Pag-igtad ng Agos

Noon lamang 1802 napagpasyahan ng sentral na gobyerno na lumikha ng isang komparatibong pagtataya ng halaga ng relokasyon. Ginagawa na ito ng mga pabor sa loob ng nakalipas na walong taon, taliwas sa pagtatayo ng dike na hindi kailanman naumpisahan ng mga laban. Napag-alaman nilang 40,000 pesos ang magagastos nila sa relokasyon habang 68,000 pesos naman para sa huling panukala. Ang mga konsiderasyong ekonomiko ang tumapos sa krisis at nagtakda ng kapalaran ng Pila sa Pagalangan. Noong ika-27 ng Agosto, 1802, naglabas ang gobernador ng pang-apat at sumunod sa pinakahuling kautusan na ilipat na ang bayan sa Sta. Clara. Sinubukan na naman ng mga laban na hadlangan ang implementasyon ng nasabing dekreto. Noong ika-13 ng Hulyo, 1803, nilagdaan ng pagod na pagod nang gobernador ang ikalima at kahuli-hulihang kautusan na lisanin na ng taumbayan ang lumang bayan at lumipat na sa Sta. Clara bago pa ang susunod na pagbaha sa ilalim ng matinding kaparusahan ng *alcalde mayor*. Inutusan ang huli na kumilos nang may buong puwersa ng kanyang tanggapan. Nagpatuloy sa pagrereklamo ang mga laban; pinagbayad sila ng kabuuang halaga ng litigasyon at sinentensyahan ng "habambuhay na pananahimik" hinggil sa kaso (SP, 1740-1846; Santiago, 1983).

Limitadong Pagbabasa

## Ang Kababaihan ng Pila

Subalit sa gayong ka-emosyunal na usapin, hindi ganap na maipapataw ang katahimikan. Noong ika-20 ng Mayo, 1804, nang puspusan na ang paglipat, ang ilang prominente at karaniwang kababaihan (*principalas y plebeyas*) ay nagpadala ng

makabagbag-damdaming pagsusumamo sa Maynila na pansamantalang mamalagi sa kanilang bayang sinilangan. Sa isang dokumentong nag-uumapaw sa damdamin, isiniwalat nila ang kanilang "mapait na kalituhan at pangungulila" at ang "pagkawala ng kanilang sinaunang pag-ibig." Nagsilbi itong isang sikolohikal na katarsis para sa kanila, sapagkat hindi naman pinakinggan ang kanilang pakiusap. Gayunpaman, ito ang pinakamalungkot na bahagi ng buong kalipunan ng mga dokumento hinggil sa paglipat ng bayan na hanggang ngayo'y mainam na nakatago sa Sinupang Pambansa, sumisira sa nakababagot na paulit-ulit na posisyon ng mga kalalakihan sa magkabilang panig (*Ibid.*).




**Larawan 4**. NHI Marker

Limi basa

## Si Don Felizardo de Rivera (1755-1810), ang Tagapagtatag

Muling nakuha ng mga pabor ang mga lokal na posisyon sa taon ding iyon (1804). Lumitaw ang tunay nilang pinuno sa katauhan ni Don Felizardo de Rivera, ang panganay sa magkakapatid na lalaking Rivera. Siya ang nagsilbing puno ng bayan mula 1792 hanggang 1793, subalit minabuti na lamang niyang mamalagi sa likuran habang isinasagawa ang litigasyon. Sa mga panahong ito, matahimik niyang iginuhit ang mga planong *gridiron* (*cuadrícula*) para sa bagong lugar batay sa klasikong sistemang Espanyol ng kompleks ng simbahan-plaza-munisipyo gaya ng itinatagubilin ng mga Batas ng Kaindiohan (1573). Ang sirkumstansya ang nagtulak sa kanya na maging isang arkitekto ng bayan batay lamang sa sariling kasanayan. Matiyaga niyang iningatan ang mga plano hanggang sa pagsapit ng araw ng opisyal na kaganapan ng paglipat ng bayan. Upang maipatupad ang mga ito, muli siyang nanungkulan bilang *gobernadorcillo* nang mga salitang taon mula 1805, pagkatapos ay noong 1807, at sa wakas ay noong 1809. Namatay siya noong 1810 at ang panganay sa kanyang apat na anak na lalaki, si José de Rivera, ang humalili sa kanya noong 1811. Dahil sa kanyang dinamikong liderato sa panahon ng transisyon at ng kanyang mahusay na disenyo, na pawang nananawagan at namamagindapat sa lumang pangalan ng bayan, itinuring si Don Felizardo ng kanyang mga kababayan bilang tagapagtatag ng *Nueva Pila* (Rivera, 1810; Santiago, 1983; Diocese of Lipá, 1960; AP, 1953; Bartolomé y Rivera, 1971).

Limitadong Pagbabasa

Dahil sa tagal na ng pamamalagi ng mga Rivera sa Pagalangan sa loob ng hindi kukulangin sa apat na henerasyon, hindi naging madali sa kanila na lisanin ang ninunong lupain. Bagamat hinati-hati nila ang Sta. Clara, at inilaan para sa kanilang angkan ang lahat ng loteng residensyal sa paligid ng parihabang plaza sa pagitan ng simbahan at munispyo, kinailangan nilang iambag ang natira sa mahihirap na

mamamayan at sa lokal na simbahan at pamahalaan. Nakatulong sa pagpapalago ng ekonomiyang agrikultural ang paghahawan at paglilinang ng may-kahinaang bahagi ng Pila. Pinag-ibayo ng mga Rivera ang kanilang ispiritwal at materyal na pagtaguyod sa simbahan *in perpetuum*, hanggang sa kahuli-hulihan nilang inapo (Santiago, 1983; Rivera, 1810). Kumilala ang bagong bayan ng utang na loob sa pamamagitan ng pagbibinyag sa punong lansangan bilang "Rivera," na tila isang pusod na nag-uugnay dito sa Pagalangan. Dalawang magkahilerang lansangan ang ipinangalan sa kanilang mga kaibigang angkan, ang "Ruiz" at "Oca." Bilang pampalubag-loob sa mga kontra, isang kalye pasilangan ang pinangalanang "de Castro" (*Ibid*.)

Sa pagtatapos ng 1811, tanging ang lumang simbahan na lamang ang naiwang nananamlay sa Pagalangan. Nakahiwalay subalit pumipintig pa ring puso at kaluluwa ng lumang Pila, ang



**Larawan 5**
Simbahan ng Pila noong 1901. Itinayo ng mga Pilen sa Asyenda Sta. Clara ng mga Rivera noong mga 1811. Ang mga bato nito ay galing sa winasak na lumang Simbahan sa Pagalangan, ang dating Pila na nalubog sa baha. Ang mga bato ay idinaan sa canal na ginawa ng mga Pileno mula sa may wawa ng Bulusucan papuntang Sta Clara.Ito ang pinakamatandang potograpiya ng Pila.

templo ay winasak at inilipat nang halos bato sa bato, sa Sta. Clara upang punuin ng bagong buhay ang bagong bayan (SP, 1740-1846; Santiago, 1983). Ngayon, dalawa na ang lumang Pila: ang Pinagbayanan – na halos nakalimutan na liban na lang sa kahulugan ng pangalan nito at sa mga alamat ng pook – at ang Pagalangan na tinawag na *Pila Antigua* ng mga Kastila.

Sa pagbabalik tanaw, salamat sa pananalig ng mga pabor, nakaligtas ang Bagong Pila, gayundin ang mga pang-artsibong tala nito, sa isang rebolusyon, dalawang digmaan, at iba't ibang kalamidad, liban sa mga baha, na hindi na muli pang gumambala sa bayan. Ni hindi man lang ito naligalig maging ng pinakahuling malaking bahang idinulot ng bagyong "Ondoy" noong Setyembre 2009.

Bilang pagkilala sa natatangi nitong kombinasyon ng sekular at relihiyosong kasaysayan, ang Pila ang tanging bayan sa Pilipinas sa kasalukuyan na idineklara kapwa ng Estado at ng Simbahang Katoliko nang magkasunod, bilang isang Pambansang Makasaysayang Muhon o Palatandaan (*National Historical Landmark*) noong 2000 at isang Dambanang Diyosesano (*Diocesan Shrine*) noong 2002 ng San Antonio de Padua.

Limitadong Pagbabasa

*Salin mula sa Ingles ni*
*Prop. Mary Jane Rodriguez-Tatel*

"Kung ang sinulat kong ito ay makapupukaw sa iyong kamalayan
ng ating nakalipas na napawi na sa alaala...
kung gayon ang ginawa ko ay hindi walang kabuluhan,
at batay dito, gaano mang kamunti ito, mailalaan na natin ang
ating mga sarili sa pag-aaral ng kinabukasan."
(Rizal sa kanyang anotasyon ng
*Sucesos de las Islas Filipinas* ni Morga)

## SANGGUNIAN

Aklatang Pambansá (AP). (1953). The Town of Pila with the List of Mayors. *Historical Data of the Province of Laguna*. (MS).

Alva Rodríguez, Inmaculada 1997. *Vida Municipal en Manila (Siglos XVI-XVII).* (Córdoba: Universidad de Córdoba). Cuadro Genealógico 11 y 17.

Archives of the Archdiocese of Manila (AAM) 1681. *Anales Ecclesiásticos de Philipinas.* Trans. A. Pelingo (Manila: AAM, 1994)

1797-1803. *Libro de Gob. Eclesiástico.* Agosto 1800, folio 166

Archives of the Shrine of St. Anthony of Padua in Pila (ASSAP). 1729-1833. *Libro Canónico de Bautismos* (1729-88). *Libro Canónico de Casamientos* (1752-1834). *Libro Canónico de Entierros* (1755-1833).

Archivio Segreto Apostólico Vaticano (ASAV). 1686. "An□o de 1686. Relazión de los Autos fhas. so.e la idolatría de los Naturales del Pue.o de Sancto Thomás en las Islas Philipinas." *Lettere di Vescovi*. 72: 318-92v.

Archivo General de Indias (AGI). 1571-75. "Razón de Encomiendas de Indios (1571-75)." *Filipinas* 24, ramo 19 in Tormo Sanz. *Lucbán* Appdx I, p. 123

1699. "Ano de 1699. Autos de Testamentaría seguidos por la Mesa y diputados de la Sta. Misericordia de Manila sobre los bienes q. dejó Don Bartholomé Thenorio." MSS. 2 Tomos. passim. *Filipinas.* 72;

Archivo Histórico Nacional (AHN). 1620. "Memoria de lo que los Yndios desta vanda de Manila an gastado en los servicios personales... 31 Julio 1620." *Cartas de Indias* 287 in Tormo Sanz. *Lucbán.* Appdx V, pp. 144-149.

Archivo de los Padres Agustinos Filipinos de Valladolid (APAFV). 1572-1608. *Libro de la Provincia del Ssmo. Nombre de Jesús.* Tomo I (1572-1608) folio 18;

Ayala Museum 2008. "Gold of Ancestors." (Exhibit) Makati City

Barreto-Tesoro, Grace 2010a. "Ano at Saan ang Lumban sa Pagdating ng Kastila?" sa Tiongson . Ang Saysay ng Inskripsyon.

_________________ 2010b. E-mail Feb. 1, 2010

Bartolomé y Rivera, Amelia 1971. Personal Interview, Pila, Oct. 1971.

Blair, Emma and James Alexander Robertson (BR) (eds.) 1903-1909. *The Philippine Islands, 1493-1898.* (Cleveland: Arthur H. Clark Company). 55 vols.

Buzeta, Manuel y Felipe Bravo. 1851. *Diccionario Geográfico, Estadístico, Histórico de las Islas Filipinas* (Madrid: Peña)

Chirino, Pedro 1604. *Relación de las Islas Filipinas* trans. in BR. 12; 242-44.

Limitadong Pagbabasa

Clasen, B. 1967. "St. Anthony of Padua," *New Catholic Encyclopedia* (New York: McGraw-Hill) 1:595-596.

Clavería y Zaldúa, D. Narciso 1849. *Catálogo de Apellidos*. (Manila: The National Archives, 1979)

Diocese of Lipá 1960. *50 Years of the Diocese of Lipá 1910-1960*. (Lipá: Diocese)

Galende, Pedro OSA 1965. "The Augustinians in the Philippines (1565-1890)," *Boletín Eclesiástico de Filipinas* 39: 35 – 79

Gómez Platero, Eusebio OFM 1880. *Catálogo Biográfico de los Religiosos Franciscanos de la Provincia de San Gregorio Magno de Filipinas desde 1577*. (Manila: Sto Tomás).

González-Doria, Fernando. 1994. *Diccionario Heráldico y Nobiliario de los Reinos de Espan□ a*. (Madrid: Bitacora)

Gorospe, Vitaliano SJ 1992. *Banahaw: Conversations with a Pilgrim to the Power Mountain*. (Manila: Bookmark).

Harper, Bambi 1999. "Hospital de Aguas Santas." *Sense and Sensibility - Phil. Daily Inquirer*. 12 Oct. 1999.

de Huerta, Felix, OFM 1855. "Villa de Pila" y "Varios Pueblos" in *Estado Geográfico, Topográfico, Estadístico, Histórico-Religioso de la Santa y Apostólica Provincia de San Gregorio Magno*. (Manila: Amigos del Pais).

de Jesús, Juán, OFM. 1703. "Carta de Fray Juán de Jesús, OFM." en Sánchez. *La Provincia Franciscana* 1988.

José, Regalado T. Jr. n.d. "Notes on Philippine Church Bells", Ms. Courtesy of the author.

1993a *Impreso: Philippine Imprints*. (Makati: Fund.n Santiago and Ayala).

1993b *Impreso: Exhibition Notes*; Makati: Ayala Museum.

de la Llave, Antonio OFM 1644. *Crónica de la Provincia de San Gregorio Magno*. (MS). Archivo Franciscano Ibero-Oriental.

Muñoz Garmendía, Félix 1987. *Diarios y trabajos botánicos. La Expedición Malaspina 1789-94. (Madrid: Ministerio de Defensa, Museo Naval y Lunwerg Editores).*

Pardo de Tavera. TH 1903. *Biblioteca Filipina*. Washington, DC: The Library of Congress.

Pila Historical Society Foundation (PHSF) [2003]. *Treasures of Pila* (Makati: PHSF)

de Plasencia, Juán 1589. "Customs of the Tagalogs" (MS) Nagcarlang, in BR 7:175

Postma, Antoon 1991. "The Laguna Copper-plate Inscription (LCI): A Valuable Document," *National Museum Papers* 2:1-25.

de Rivera, Don Antonio Hilario 1856 (4 Junio). *Manga Huling Habilin at Calooban* (MS). Pila.

Limitadong Pagbabasa

de Rivera, Don Felizardo 1810 (19 Sept.). *Manga Huling Habilin at Calooban* (MS). Pila.

de Rivera, Don Jazinto 1792 (13 Mayo). *Manga Huling Habilin at Calooban* (MS). Pila.

de Rivera, Don Tomás 1856 (28 Enero). *Manga Huling Habilin at Calooban* (MS). Pila.

Rizal Cultural Commission (RCC) 1967. *Rizal Province. A Political History.* (Pasig: RCC)

Roth, Dennis 1977. *The Friar Estates in the Philippines*. (Albuquerque: University of New México)

de San Agustín, Gaspar OSA 1975. *Conquistas de las Islas Filipinas* (ed. M. Merino OSA). Madrid: CSIS.

de San Antonio, OFM, Francisco (d.1624). *Vocabulario Tagalo*. (QC: Pulong, ADMU, 2000)

de San Buenaventura, Pedro OFM 1613. *Vocabulario de Lengua Tagala*, Pila: Impreso Por Tomas Pinpín y Domingo Loag.

Sánchez, Cayetano OFM 1988. *La Provincia Franciscana de San Gregorio de Castilla: Memoria Histórica Mínima de sus 400 años de Vida*. (Madrid: AFIO).

Santiago, Luciano P.R. 1983. "When a town has to move: How Pila (Laguna) transferred to its present site, (1794-1811)," *Philippine Quarterly of Culture and Society*, 11:93-106.

Limitadong Pagbabasa

1988. "Consanguinous Marriages in the Philippines." *Kina-adman* (Wisdom) A Journal of Southern Phil. 10 (1988): 69-78.

1997. "The Roots of Pila: a secular and spiritual history of the town (900 AD to the present.}

*Philippine Quarterly of Culture and Society*. 25 (1997): 125-155.

2003. "Pila, the noble town" in PHSFI. *Treasures of Pila*. pp. 16-20.

2005. "Pomp, Pageantry and Gold: The Eight Spanish Villas in the Philippines (1565-1887)"

*Philippine Quarterly of Culture and Society* 33 (2005): 57-75

Sinupang Pambansá (SP) The National Archives 1740-1846. *Erección de los Pueblos de la Provincia de la Laguna de Bay* (*EPPLB*) (1740-1846). Legajo 48 (now Tomos I and IV) passim.

1766-1814. *Erección de los Pueblos de la Provincia de la Laguna de Bay* (*EPPLB*) (1766-1814). Legajo 48, número 50 (now Tomo I).

1766. "Año de 1766. Queja elevada por los naturales Principales y Cabezas de Barangay de Pila sobre discortesías y malos tratos por el Cura Fr. Mathías Rico" (*EPPLB*) (1766-1814).

1766. "Año de 1766. Expendiente y diligencias practicadas con pedimento de el MRP Fr. Mathías de Pico contra el común del Pueblo de Pila." (*EPPLB*) (1766-1814).

Solheim II, Wilhelm G.. 2002. *The Archaeology of Central Philippines*. (QC: UP Archaeological Studies Program)

Tenazas, Rosa C.P. [1968]. *A Report on the Archeology of the Locsín-University of San Carlos Excavations in Pila, Laguna* 1967-1968. (Manila: n.d.)

1973. "Salvage excavation in Southern Luzon, Philippines. A summary." *Philippine Quarterly of Culture and Society* 1 (2): 132-136.

Tiongson, Jaime F. 2004. "The Paracale Gold Route." MS 2004.

2006. "The Laguna Copperplate Inscription and the Route to Paracale." Paper read at the Seminar on Philippine Town and Cities: Reflections of the Past, Lessons for the Future. Pasig City, 2006.

2008. "The Laguna Copperplate Inscription: A New Interpretation Using Early Tagalog Dictionaries." Paper read at 8th International Conference on Philippine Studies. Quezon City, 2008.

2010. Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna. (QC at Pila: Bakas at Bayang Pinagpala, 2010)

Tormo Sanz, L. (1971). *Lucbán: A Town the Franciscans Built*. Manila: Historical Conservation Society.

Vance, L. (1980). *Tracing your Philippine Ancestors*. Tomo 2, pah. 514-517. Provo, Utah: Stevenson.

Zaide, G. (1979). Maikling Kasaysayan ng Lalawigang Laguna. *Outstanding Lagunense Makiling Awards*. Laguna: Caritas, pah. 14-24.

Limitadong Pagbabasa